



## 5.02 Paghinto ng Serbisyo dahil sa Mga Delingkuwenteng Bill (SB 998)

Dapat sundin ang proseso sa ibaba para sa paghinto ng serbisyo dahil sa hindi pagbayad ng mga bill:

### 5.02.1 Delingkuwente

Magiging delingkuwente ang mga hindi nabayaranang bill sa tubig matapos ang tatlung (30) araw mula sa petsa ng pagsingil.

### 5.02.2 Abiso sa Delingkuwensiya

Kung ang account ng customer ay hindi mabayaran 35 araw matapos ang petsa ng pagsingil (5 araw na delingkuwente), ilalapat ang \$10 na multa at 1% na singil sa interes sa nakaraang balanseng dapat bayaran sa buwanang batayan hanggang mabayaran. Ipapadala ang nakasulat na abiso sa delingkuwensiya sa address ng serbisyo at sa nakatalang may-ari.

### 5.02.3 Abiso sa Napipintong Pagputol

Kung ang account ng customer ay hindi mabayaran 60 araw matapos ang pagiging delingkuwente:

- (1) Ipapadala ang isang nakasulat na abiso sa delingkuwensiya at napipintong pagputol sa address ng serbisyo at sa may-ari ng tala. Dapat tukuyin ng nakasulat na abiso ang petsa ng paghinto ng serbisyo, na dapat ay hindi bababa ng pitong (7) araw matapos ang petsa kung kailan ipinadala ang nakasulat na abiso. Dapat kabilang sa abisong ito ang impormasyon sa mga apela, pagbibigay ng palugit, alternatibong plano sa pagbabayad, at mahalagang petsa na dapat sundin. Kung ibinalik ang liham dahil hindi maipadala, personal na ihahatid ang abiso sa tirahan.
- (2) May dagdag na ilalapat na multa na \$10 sa nakaraang balanseng dapat bayaran.
- (3) Hindi puputulin ang serbisyo sa tubig habang may nakabinbing apela.
- (4) Hindi puputulin ang serbisyo sa tubig para sa ilang mga customer kung natugunan ang ilang kondisyon. Tingnan ang 5.02.4 sa ibaba.

### 5.02.4 Mga Alternatibong Plano sa Pagbabayad

Ang mga customer na higit sa 5 araw na delingkuwente (35 araw mula sa petsa ng pagsingil) ay bibigyan ng mga opsyon para sa mga alternatibong plano sa pagbabayad upang maiwasan ang paghinto ng serbisyo dahil sa hindi pagbayad. Ang planong iyon ay maaaring kabilangan ng pagpapaliban (deferral) ng pagbayad, mga kasunduan sa amortisasyon, o mga alternatibong iskedyul ng pagbabayad. Dagdag pa rito, ang mga customer na makapagpapatunay ng ilang tulong pampubliko, mga sertipiko ng tagapagbigay ng pangangalaga at mga antas ng kita ay kwalipikado para sa pagpapaliban o mga alternatibong plano sa pagbabayad at hindi puputulin ang kanilang patubig kung sila ay pumasok sa ipinagpaliban o alternatibong plano sa pagbayad at manatiling sumusunod sa planong iyon. Maaaring magtanong ang mga customer tungkol sa mga opsyon sa pagbabayad sa pamamagitan ng pagtawag sa tanggapan ng Distrito sa (209) 532-5536.

Kung papasok ang customer sa isang plano sa alternatibong pagbabayad kasama ang Distrito, at mabigo ang customer na iyon na sumunod sa napagkasunduang plano sa pagbayad, kasunduan sa amortisasyon, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad para sa 60 o higit pang mga araw, magpapaskil ng panghuling abiso sa isang kilala at madaling makitang lokasyon sa propyedad o pag-aari ng hindi bababa sa limang (5) araw bago ang pagputol.

### 5.02.5 Relasyon ng Mga Landlord-Nangungupahan

Ippaalam sa mga customer na nangungupahan at may account na naging delingkuwente dahil sa pagkukulang ng may-ari na panatiliing nababayaran ang account, ang anumang napipintong pagputol ng hindi bababa sa 10 araw bago ang pagputol, at magkakaroon sila ng opsyon na direktang masingil para sa mga serbisyo ng Distrito, nang hindi kinakailangang magbayad ng anumang halaga na maaaring dapat bayaran sa delingkuwenteng account.

### 5.02.6 Paghinto ng Serbisyo – Mga Singil sa Serbisyo

Kapag inihinto ang serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbayad, ilalagay ang metro sa naka-lock na posisyon. Ilalapat ang mga singil sa serbisyo na nakalista sa Exhibit B.7.2, B.7.3, at B.7.4. Matapos ang animnapung (60) araw, kung hindi pa nababayaran ang delingkuwenteng bill o kung bakante ang tirahan sa lugar ng serbisyo, maaaring mapailalim ang account sa prenda sa ari-arian na ihahain sa Tanggapan ng Tagapagtala ng County (County Recorder) at tatanggalin ang metro. Mananatiling responsibilidad ng customer o ng may-ari ng propyedad ang mga minimum na buwanang singil sa serbisyo at ang anumang mga patong na singil, multa at interes na maiipon mula sa pagkonekta ng serbisyo nang walang limitasyon, hanggang sa pagkatapos patayin ang metro. Kapag tinanggal ang metro, mananatili ring responsable ang customer o ang may-ari ng propyedad para sa mga minimum na buwanang singil at lahat ng mga patong na singil, multa at interes na maiipon mula sa pagkonekta ng serbisyo hanggang sa pagkatapos tanggalin ang metro.

### 5.02.7 Mga Interes at Multa

Patuloy na maiipon ang interes sa delingkuwenteng account mula sa petsa ng delingkuwensiya sa rate na 1% kada buwan hanggang sa mabayaran nang buo ang nakaraang dapat bayarang halaga, pati ang interes at mga multa. Gayunpaman, ang mga delingkuwenteng account ng customer na makapagpapatunay ng ilang tulong pampubliko at mga antas ng kita ay hindi lalapatan ng naipong interes.